



Abot-kayang saklaw sa kalusugan. De-kalidad na pangangalaga.



Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap o pagpapanatili ng iyong pabahay, maaaring kwalipikado ka sa **LIBRENG** tulong mula sa **NJ FamilyCare Housing Supports Program**

Ano ang Housing Supports Program?

Tinutulungan ng programa ang mga tao sa lahat ng edad sa NJ FamilyCare (Medicaid) na may pangangailangan sa pabahay at kundisyon sa kalusugan na maikonekta sa isang ahensya ng pabahay upang:

- Makahanap ng lugar na matitirhan
- Lumipat sa pabahay
- Manatili sa iyong pabahay
- Gumawa ng mga pagbabago sa iyong pabahay upang mapabuti ang kalusugan mo

Sino ang mga makakakuha ng mga serbisyong ito?

Mga tao sa lahat ng edad na mayroon ng tatlong bagay na ito:

- 1) NJ FamilyCare (Medicaid)
- 2) Isang kundisyon sa kalusugan
- 3) Pangangailangan sa pabahay



Ano ang kundisyon sa kalusugan? Kabilang sa mga ito ang, ngunit hindi limitado sa -

- Sakit sa puso, kanser, diabetes, o mga problema sa bato
- Mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip
- Sakit sa maling paggamit ng droga
- Pagbubuntis
- Mga developmental na kapansanan
- Paulit-ulit na pagkakaospital o paggamit ng emergency room

Ano ang pangangailangan sa pabahay? Kabilang sa mga ito ang, ngunit hindi limitado sa -

- Ikaw ay walang matirhan
- Malapit nang mawala ang iyong pabahay
- Nasa panganib kang mapunta sa nursing home o isang institusyon dahil sa iyong pabahay
- Paalis ka sa nursing home o isang programa sa paggamot ng kalusugan ng pag-iisip o adiksiyon
- Kakagaling mo palang sa kulungan o bilangguan

Binabayaran ba ng programa ang upa?

Hindi binabayaran ng programa ang iyong upa, ngunit matutulungan ka nitong humanap ng mga mapagkukunan upang mabayaran ang iyong upa o humanap ng mas abot-kayang lugar na matitirhan.

Upang malaman kung maaari kang makakuha ng mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa iyong NJ FamilyCare Managed Care Organization (MCO):

Aetna
1-855-232-3596

Fidelis
1-866-309-8447

Horizon
1-800-682-9090

United
1-800-941-4647

Wellpoint
1-855-661-1996

